



Ang Reyna sa Katawan ng Tupa

Writer In crime



Matapos siyang ma-traydor at mamatay sa dati niyang buhay bilang isang top-tier assassin, biglang nagising si Viper sa isang marangyang silid. Shocked siya nang tumingin siya sa salamin dahil imbes na ang seryoso niyang mukha, isang napakaganda pero mukhang malamya at palahiyang prinsesa ang nakatitig sa kanya.



Rinig na rinig niya ang tsismisan ng mga katulong sa labas ng kanyang pinto, tinatawag siyang 'weakling' at 'basura' ng palasyo. Dito narealize ni Viper na nasa katawan siya ni Princess Valerie, ang pinaka-inaaping anak ng hari na palaging pinagtitripan ng lahat.



Imbes na maiyak, napangisi na lang si Valerie habang sinusubukan ang kanyang bagong katawan na sobrang lambot at walang kalatuy-latuy. Sabi niya sa sarili niya, physical strength can be trained, pero ang killer instincts niya mula sa past life ay hinding-hindi mawawala.



Kinabukasan, habang naglalakad siya sa garden, hinarangan siya ng kanyang mga mapang-aping kapatid para asarin at itulak siya sa putikan tulad ng dati nilang ginagawa. Pero laking gulat ng lahat nang swabe itong iniwasan ni Valerie, at sa isang pitik lang, ang mismong step-sister niya ang napatumba sa dumi.



Tinitigan sila ni Valerie gamit ang mga matang malamig pa sa yelo, isang tingin na hinding-hindi mo makikita sa dating mahinang prinsesa. Natakot ang mga guwardiya at ang kanyang mga kapatid, ramdam ang biglang pagbabago ng aura sa buong palasyo.



Nagsimula siyang mag-training nang patago tuwing gabi sa madilim na kagubatan sa likod ng kastilyo para ibalik ang kanyang bilis at liksi. Gamit ang isang simpleng sanga ng puno, nagagawa niyang hatiin ang mga lumilipad na dahon na parang isang tunay na master ng espada.



Isang gabi, may mga assassin na ipinadala ang kanyang mga kaaway para tuluyan na siyang itumba sa loob ng kanyang silid. Ang hindi alam ng mga trespassers, nagpanggap lang na tulog si Valerie at hinihintay lang silang pumasok sa kanyang bitag.



In just a matter of seconds, pinatumba ni Valerie ang mga assassin nang walang kahirap-hirap gamit lang ang mga kubyertos sa kanyang lamesa. Hawak ang pinuno ng mga umatake sa leeg, tinanong niya ito sa isang seryosong boses kung sino ang nag-utos sa kanila.



Kinabukasan sa grand royal banquet, naglakad pumasok si Valerie wearing a stunning gown pero may dalang kakaibang tapang na nagpatahimik sa buong bulwagan. Gulat na gulat ang hari at ang mga maharlika dahil ang dating tupa na kanilang inaapak-apakan ay mukha nang isang mapanganib na reyna.



Umupo siya sa kanyang trono habang nakatingin sa lahat ng mga taong nag-
underestimate sa kanya noon, handa nang
simulan ang kanyang paghihiganti. Simula
ngayon, wala nang makakapagdikta kay Princess
Valerie, dahil ang dating mahina ay siya nang
pinakamalakas na banta sa buong kaharian.